
BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com







Basahin sa pahina 3

# PNP pinarangalan si Gob. Typoco

***"Pagkakaisa, pagtutulungan at pag-iwas sa pamumulitika upang lalawigan ay makausad na"***, ang mahigpit na panawagan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. nang siya ay nagbigay ng mensahe sa okasyon ng ika-17 taong selebrasyon ng PNP Day dito noong Pebrero 25, 2008 na nakatuon sa temang: ***"Mamang Pulis: Tagapagtaguyod ng Karapatang Pantao tungo sa Kapanatagan ng Mamamayan".***

Kaugnay nito, ang gobernador ay pinarangalan ng *Philippine National Police (PNP)* sa pamamagitan ng pagbibigay dito ng plake ng pagkilala sa kanyang suportang ipinagkaloob sa organisasyon, partikular na ang tulong sa pagtatayo ng ***administration building*** kung saan magbibi-

(Sundan sa pahina 6)










***Nagbibigay ng kanyang mensahe si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kaugnay sa selebrasyon ng ika-17 taong anibersaryo ng Philippine National Police dito sa lalawigan; Namahagi rin ang gobernador ng gawad pagkilala sa iba't-ibang personalidad na nakatulong ng PNP sa kanilang mga programa tulad nina Fiscal Omar E. Manlapaz at Community Affairs Officer IV Purita P. Briñas.***

# Gob. Typoco iniatas ang pagdiriwang sa anibersaryo ng EDSA at kapanganakan nina JOMAPA at Lukban



**Jose Maria Panganiban**

Tatlong kaatasan ngayong buwan ng Pebrero 2008 ang pinalabas ng Tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. kaugnay ng pagdiriwang ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa anibersaryo ng EDSA, at kapanganakan ng ating kababayang mga bayani na sina Jose Maria Panganiban at Vicente R. Lukban, sa pakikipagtulungan ng *Museum, Archives and Shrine Curation Division (MASCD).*


Una rito ay ang *Executive Order No. 2008-01* kung saan iniaatas pagdiriwang sa ika-145 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Gat Jose Maria Enverga Panganiban sa ika-1 ng Pebrero 2008 sa pamamagitan ng simple subalit makabuluhang mga gawain. Si Panganiban na mas kilala sa tawag na "JOMAPA" ay tinagurian ding *"Avenger of Filipino Honor"* at inihanay siya at kinilala bilang isa sa mga pambansang bayani na nagmula sa bayan ng Mambulao na ngayon ay pinangalanang Jose Panganiban susog sa kanyang pangalan

(Sundan sa pahina 6)




nasa loob
EDITORYAL 4
PIKTORYAL 5

# BACNA surgical mission...



DR. ARNULFO SALAGOSTE

(Mula sa pahina 10)

ay tinitiis na lang ang kanilang mga karamdaman tulad ng katarata, *cyst/mass*, *goiter*, at iba pang katulad na sakit.

Matatapos na ang inyong pagtitiis, sapagkat sa Marso 8 ay inaasahang darating muli sa lalawigan ang *Bay Area Camarines Norte Association (BACNA)* upang magbigay ng libreng operasyong medikal sa mga mahihirap nating mga kababayan. Ang libreng operasyon ay isasagawa nito simula Marso 10-15, 2008 sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*.

Ang BACNA ay samahan ng mga taga-Camarines Norte na nakabase sa Bay Area, San Francisco, California. Sila ay pawang mga propesyonal o matagumpay na negosyante na patuloy na nagtutulungan upang mapaglingkuran ang mga kapus-palad nilang kababayan dito sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng operasyon at serbisyong medikal.

Para sa mga interesado, magtungo at makipag-ugnayan sa kinauukulang kawani ng CNPH para makapagpatala at sumailalim sa pang-unang konsultasyon.

Matatandaan na noon pang Disyembre 2007 ay nakipag-ugnayan na sa Tanggapan ng Gobernador ang BACNA para sa isasagawa nitong surgical mission dito sa Marso sa pangunguna ng kanilang pangulo na si Mr. Romeo B. Salvador.

Sa kasalukuyan ay abala na ang mga kinauukulang komitiba na binuo para mangasiwa sa naturang 6-araw na *surgical mission*.

Ang naturang surgical mission ng BACNA ay patuloy na itinataguyod at sinusuportahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sapagkat tumutugon ito sa mga programang pangkalusugan na isinusulong ng pamahalaang panlalawigan. ***LT IBASCO***

## On Health

# Lowly "CAMOTE" a match to DENGUE

**Additional Info on Dengue...*** Where dengue breeds**

Many a grim tale has been told about the dreaded dengue. Here's another one, as shared in an e-mail:

This evening, we attended the wake of Natalie Corrales Feist, only 17 years old. Her mother Rosa is the sister of Pilita Corrales and her father Ed Feist is the head of a big pharmaceutical company in Manila.

Natalie was studying in Australia and had come home to Manila to spend the Christmas holidays with her family. What started only as a stomachache progressed to malaise and fever that turned out to be the deadly dengue fever which snuffed out Natalie's life in such a short time. Natalie was an only daughter and the youngest of three children. It was indeed so sad to witness the grief, the sadness, and the pain of losing such a wonderful daughter and so pretty at that. The priest saying Mass also mentioned about another young girl of 15 who also died recently.

A couple of years ago, my nephew who was only 28 years old and was to be married, also died within a short time after he contracted dengue. He was an only son.

Dengue kills. Let us not wait for it to get out of hand and claim more young lives. As my own small contribution to help increase people's consciousness of this disease, allow me to share the warnings below. Many people are not aware that in their own homes, there are dangerous places where mosquitoes breed. Please take note:

The bromeliad plant has beautiful flowers, but they are deadly, because in between are pockets that collect clean water, which is where the dengue mosquitoes breed. If you have them, get rid of them or place them in pots so that after watering them, the pots can be turned over to remove the excess water. I have noticed that along Ayala Avenue in Makati and other roadsides, the bromeliads, which are very colorful, are often used by landscapers to brighten areas, etc. The landscapers must be discouraged from using these plants, especially when they are planted in the ground, because they can cause an epidemic, as what happened in Cebu many years back. It was discovered that these plants were the culprits.

Those that have bamboo fences placed over their concrete fences (as in many subdivisions) must see to it that the top is covered, because the bamboo crevices hold water and again become breeding places for dengue mosquitoes.

I have just read on the Internet about a tip that was given at a recent gardening forum. Here it is: Put some water in a white dinner plate (I suppose a small white platito will do) and add a couple of drops of Lemon Fresh Dish Washing Liquid. Set the dish on your porch, patio, picnic table, park bench, or other outdoor. I'm not sure what attracts them - the lemon's smell, the white plate color, or what. But mosquitoes flock to it, and drop dead shortly after drinking the Lemon Fresh Dish Washing Liquid and water mixture and usually, within about 10 feet of the plate. Try it, it works just super! It may seem trivial, but it may also help control mosquitoes around your home (especially in areas where the dengue- and malaria-carrying mosquitoes have reached epidemic proportions). It's safer than mosquito coils ... no offensive odor and harmful fumes, no risk of fire.

This is all I can say, which may be helpful in controlling the rise of the deadly dengue mosquitoes. Let us all try to do our part in our own homes and surroundings, so that by doing so, we can lessen dengue's breeding places and save more lives.

Speak out: Cure for dengue? By Bernardo Rocha Calibo, Director, National Police Commission. THERE is hope that the dengue scourge will be obliterated.

I was in a meeting in Manila recently with other Napolcom officials. While waiting for my flight back to Cebu , I happened to talk with friends. The conversation eventually turned to dengue. Some of their statements shocked me. I called up the persons concerned and they confirmed these revelations.

Computer technician Wenceslao Sales Jr., 27, was downed by dengue. His platelet count plunged from 180 to 80. He was rushed by ambulance from Novaliches to Manila . Inside the ambulance, a relative, acting upon the advice of a missionary priest, made him drink soup made from camote tops.

The following day, his platelet count was normal. Dengue attacked the 7-year-old daughter of engineers Mar and Lita Budlongan of Caloocan City . Her platelet count read 80. The same treatment was used. The following day she was back to normal.

The 15-year-old daughter of businessman Nepomuceno Salaga of Sampaloc, Manila had a dangerous platelet count of 80 due to dengue. The same treatment was followed. The following day she was back in school.

I asked a doctor of medicine about herbal cures and he said that many, if most medicines come from plants. He also said that under the Hippocratic Oath, doctors are bound to encourage anything that can cure a patient.

***Research***

We need not do research deep in the rainforests of the Amazon or venture into the ocean depths in search of the elusive cure for dengue. It is right there in the backyard. The following information is from Wikipedia:

"In 1992, the Center for Science in the Public Interest compared the nutritional value of sweet potatoes to other vegetables. Considering fiber content, complex carbohydrates, protein, vitamins A and C, iron and calcium, the sweet potato ranked highest in nutritional value. According to these criteria, sweet potatoes earned 184 points, 100 points over the next on the list, the common potato (NCSPC)."

Sweet potato tops are excellent sources of antioxidative compounds, mainly polyphenolics, which may protect the human body from oxidative stress that is associated with many diseases including cancer and cardiovascular diseases. Sweet potato greens have the highest content of total polyphenolics among other commercial vegetables studied.

"Sweet potatoes contain protein, dietary fiber, lipid, and essential minerals and nutrients such as calcium, phosphorous, magnesium, sodium, potassium, sulfur, iron, copper, zinc, manganese, aluminum and boron.

Sweet potatoes are also important sources of vitamin A, thiamin, riboflavin, niacin and ascorbic acid.

***Camote***

In the case of Salaga, he bought five sheaves (bugkos/ bigkis) of camote cuttings. Each sheaf consists of about 12 cuttings. Each cutting measures about one foot. A sheaf costs about P5. Camote tops are boiled in water to extract the juice. The boiling lasts for about five minutes. A little salt is used to give flavor to it. This is made to drink slowly and gradually. The body's immunity system is thus revived, making dengue helpless against the body's natural defenses. Camote enables the body to heal itself.

Now you know why I earlier said that my friends' revelations shocked me. They were shocking because people are needlessly dying all around us from dengue, while their very cure is also all around us. So, to fortify your family against dengue, "**Go home and plant camote**!"

*(Source: Internet -Wikipedia:)*

PRIVILEGE SPEECH DELIVERED BY

HON. PAMELA PARDO-PUJALTE

Board Member, Camarines Norte

# "CITYHOOD" OF DAET IN THE WORKS

Honorable Presiding Officer, fellow members of the Sangguniang Panlalawigan, beloved people of Camarines Norte, ladies and gentlemen.

Barely two (2) months and six (6) days in office, Honorable Liwayway Vinzons-Chato of this lone district of Camarines Norte filed House Bill No. 2450 – "An act converting the municipality of Daet into a component city of the province of Camarines Norte to be known as ***"City of Daet"***.

Verily, many would ask: Is the Municipality of Daet eligible to qualify as a City? If we base our answer into the requisite for creation under Sec. 450 of the Local Government Code, then the answer is NO. On the other hand, if we base it on the requisite for creation under RA No. 9009 which amended that particular provision of RA No. 7160, then with more reason, the answer is also NO. But why is there a need to file HB 2450? Because said requirements are not strictly mandatory. I say, this depends on the Congressman working for it.

I was very much elated when Mayor Tito Sarte Sarion wrote me a letter dated January 7, 2008, portion of which reads:

> *"In 2002, this representation already initiated the cityhood and it was filed in the Senate by the late Senator Rene Cayetano after his visit in Daet upon the former's invitation. The Sangguniang Bayan of Daet and the Bicol Regional Development Council (BRDC) had strongly endorsed this initiative.*
>
> *We appeal that through your representation in the Sangguniang Panlalawigan you can also sponsor a resolution supporting this. As your basic data about the municipality – No. of population – 87,544 (CBMS Survey 2005), land area – 5,861 hectares, income for 2006 – P11,672,561.44.*
>
> *The conversion of the capital town of Camarines Norte, municipality of Daet, into "City of Daet" means a greater local autonomy which would mean a bigger share from its own financial resources. It will surely be a boom to Daet and hasten its development into a premier city in the Bicol Region.*
>
> *We count on you. Thank you."*

During the 13th Congress, a similar bill was filed in the lower house, but nothing more has been heard about it.

This time, a ray of hope is at a distance but within sight. Congresswoman Chato had timely filed the Bill converting the Municipality of Daet into a component city. Two (2) House Bills of paramount help were also filed. One was filed during the 13th Congress under HB No. 5737 entitled "EXEMPTING CAPITAL TOWNS OF PROVINCES FROM THE INCOME REQUIREMENTS PRESCRIBED UNDER REPUBLIC ACT NO. 9009". A similar version was filed by Representative Ann K. Hofer, under HB 24 which seeks to convert 28 capital towns of provinces without cities.

The House Committee on Local Government is now conducting hearings to study this Bill that would elevate into city category the 28 capital towns of provinces that still do not have cities. In the course of the hearings, it was found out that 44 municipalities that have been converted into cities do not meet the income requirements set by law. In simple language, these 44 cities failed to qualify for the requirements under the Local Government Code for creation of cities and yet they become cities.

Among these municipalities which have been elevated to cities in the past two congresses are Alaminos, Candon, Balanga, Gapan, Tabaco, Cadiz, Escalante, Himamaylan, Passi Gingoog, Koronadal, Tacurong, Tangub, Sagay, and Valencia.

Among those with questionable capability to become cities, Marawi, Palayan, Sipalay, Himamaylan, and Canlaon have lowest income which are below P11 million. Marawi's annual income is a mere P3,276,734.00.

And here is the good news! The municipalities that may be eligible for cityhood status under the Bill are: __ Bangued, Abra; Kabugao, Apayao; Lagawe, Ifugao; Bontoc, Mountain Province; Bayombong, Nueva Vizcaya; Cabarroguis, Quirino; Baler, Aurora; Boac, Marinduque; Mamburao, Occidental Mindoro; Romblon, Romblon; **Daet, Camarines Norte**; Virac, Catanduanes; Kalibo, Aklan, San Jose, Antique; Jordan, Guimaras; Siquijor, siquijor; Naval, Biliran; Manbajao, Camiguin; Nabunturan, Compostela Valley; Alabel, Sarangani; San Jose, Dinagat Island; Shariff Aguak, Maguindanao; Datu Odin Sinsual, Sarif Kabunsuan; Jolo, Sulu; and Bongao, Tawi-Tawi.

But while we have genuine representatives of the people in congress, the League of Cities in the Philippines (LCP) is vigorously objecting to the passage of HB 24. Yesterday, the LCP leaders dramatize their protest by wearing black armband. They even lowered the Philippine Flag at half-mast to protest against the Bill already set for approval in the plenary. Little do they know that placing at half-mast by way of protest amounts to dishonor of our Philippine Flag. They simply have forgotten that they also have their respective congressman in their own districts.

The sailing for the passage of this Bill may not at all be smooth. Sometimes, it may be rough. And so, while Hon. Congresswoman Liwayway Vinzons-Chato is energetically doing her share in spearheading her version of this noble legislation, then, we should likewise do our own. And the time to act is NOW. Once more, let us show to our people that we can be united for the sake of the province and for the betterment of our people.

Honorable Presiding Officer, and my beloved colleagues in the Sangguniang Panlalawigan, I propose for the passage of this Resolution toward this end. I call for the full cooperation of the Camarines Norte League of Municipalities, the Vice Mayors' League, the Councilor's League, the Federation of Barangays, the different Sanggunians, specially the 25 barangays of Daet, to adopt and pass a Resolution supporting House Bill No. 2450.

Everything considered, we could safely say that the **Cityhood of Daet is in the works**.

Maraming salamat po at mabuhay tayong lahat!

# 148 anibersaryo ng kapanganakan ni Hen. Lukban

## ipinagdiwang, kanyang kabayanihan, ginunita

Pinangunahan muli ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang pagdiriwang ng ika-148 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Hen. Vicente Rilles Lukban sa Pebrero 11, 2008 na tinampukan ng *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol Grounds* sa ganap na ika-8 ng umaga.



*Hen. Vicente R. Lukban*

Pinangunahan ng mga opisyal at kawani ng mga panlalawigang tanggapan dito ang pag-aalay ng bulaklak sa General Vicente Rilles Lukban Shrine na nasa Museo Bulawan Lobby sa Kapitolyo Probinsyal.

Sinundan ito ng *lecture-forum* ukol sa buhay ni Hen. Lukban na isinagawa sa *Little Theater* kung saan makikilahok ang mga mag-aaral mula sa ilang piling paaralang sekondarya na malapit sa bayan ng Daet, pampubliko at/o pribado man.

Bilang pagbabalik-tanaw, si Hen. Lukban na isa sa mga bayani ng ating bansa ay ipinanganak sa bayan ng Labo, Camarines Norte noong Pebrero 11, 1860. Nagtapos siya ng elementarya sa *Escuela Pia Publica* sa kanyang bayan at nagtungo sa Maynila. Nag-aral siya sa Ateneo de Manila at pagkatapos ay sa Colegio de San Juan de Letran.

Si Hen. Lukban ay naging *Official Criminalista* sa Korte ng del Primer Instancia sa Quiapo, kasama sina Marcelo H. del Pilar at Doroteo Jose ngunit nagbalik sa Labo at nagsilbi roon bilang Delegado Municipal at Juez de Paz.

Sa pagsiklab ng rebolusyon, abala siya sa agrikultura at komersyo. Itinatag niya ang samahang agrikultural na *La Cooperativa Popular* at noong 1896 ay lumawak ang kanyang impluwensya hanggang sa lalawigan ng Tayabas kung saan laganap ang pagsasabwatan laban sa mga Kastila.

Noong Setyembre 29, 1896 siya ay inaresto habang dumadalo sa pulong ng samahang agrikultural sa Maynila. Nakulong siya sa *Bilibid Prison* at nakalaya noong Mayo 17, 1897 matapos mabigyan ng pardon ng gobernador-heneral.

Dito nagsimula ang kanyang *revolutionary career*. Pinunit niya ang *Spanish document of pardon*. Sumama siya sa mga tauhan ni Aguinaldo na nagtalaga sa kanya sa pagbuo ng depensa hanggang naging malapit siya kay Aguinaldo mula pa sa Biyak-na-Bato hanggang sa Hongkong kung saan sila ay nagself-*exile* noong 1897 na itinakda ng Kasunduan sa Biyak-na-Bato.

(Sundan sa pahina 9)

No to SEX TOURISM
Yes to ECO- TOURISM

# EDITORYAL

## Gen. Vicente Rilles Lukban, Pambansang Bayani, Dakilang Kawal

Isinilang sa bayan ng Labo, lalawigan ng Camarines Norte, kakaunti ang nakaalam sa kanyang galing, kabayanihan at kadakilaan. Mismong kanyang mga kababayan, walang gasinong alam kung papaano siya kinilalang bayani ng ating bansa. Kung mayroon man, sila ay iilan lamang. Siguro ay napapanahon na upang tayong mga taga-Camarines Norte lalong higit ang mga taga-LABO at sa mga paaralan sa ating lalawigan, ay alamin at saliksikin kung bakit MISMO ang BUONG BANSA ay kinilala si Gen. Lukban bilang DAKILANG BAYANI at nakabilang sa hanay ng mga pambansang bayani sa kasaysayan ng Pilipinas.

Kaugnay nito, nararapat lamang na suportahan ng bawa't miyembro ng Sangguniang Panlalawigan ang isang resolusyon na inihain ni Bokal Pamela Pardo-Pujalte na naglalayong hilingin sa Kongreso ng Pilipinas sa pamamagitan ni Kinatawan Liwayway Vinzons-Chato ang pagsasabatas sa pagdeklara ng ika-11 ng Pebrero bilang *"Gen. Vicente Rilles Lukban Day"* sa bayan ng Labo kung hindi man sa lalawigan ng Camarines Norte bilang pagkilala sa isang pambansang bayani na tubong-Labo.

Kung tutuusin, hindi na sana nabalam pa ang pagpasa ng nasabing resolusyon sapagka't limang (5) miyembro ng Sangguniang Panlalawigan na sina Bokal Jeffrey B. Pandi, Bokal Elpidio Tenorio, Bokal Pardo, Ex-Officio Board Member Lino Regala, at Bokal Teresita DL Malubay ay pawang mga taga-Labo.

Sana, sa susunod na pagtalakay dito, bawa't isa ay nakapagdesisyon na upang maipasa ang nasabing resolusyon. */sn*

# DLSU at 2 iba pa, nagkaloob ng mga aklat sa Provl. Library

Sa pangunguna ni Director *Anna Maria Fresnido* ng University Library ng De La Salle University (DLSU), ang unibersidad ay nagkaloob ng 35 piraso ng iba't-ibang uri ng mga aklat ang sa *Provincial Library* ng Camarines Norte noong Enero 25, 2008. Ang 22 pirasong aklat ay tungkol sa *information technology (IT)* na napapanahon at kailangang-kailangan ng mga mag-aaral.

Ang donasyon ng *DLSU* ay bunga ng pakikipag-ugnayan ng *Library Services Division-*

*(Sundan sa pahina 9)*




## 10 Patakaran sa paggamit ng kabataan sa INTERNET

**Huwag Ibigay** ang inyong tirahan, numero ng telepono, o pangalan ng paaralan sa sinumang nakilala mo sa internet.

**Huwag Ipadala** sa sinuman ang iyong larawan, at mga detalye ng iyong *credit card* o libreto de bangko.

**Huwag Ibigay** ang *password* sa sinuman, kahit na sa iyong matalik na kaibigan.

**Huwag Manatili** sa *chat room* kung may may isang nagsabi o sumulat sa iyo ng anuman na naging dahilan upang mag-alala ka o kaya'y hindi ka maging kumportable.

**Huwag Tugunin** ang malisyoso, nagpapahiwatig *(suggestive)* o nakaiinsultong mga e-mails o relokasyon sa *UseNet groups*.

**Huwag Magpanggap** bilang ibang tao.

**Hingin Muna** ang pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga kung plano mong makipagkita sa sinumang nakilala mo sa *internet* at makipagkita lamang sa pampublikong lugar.

**Sabihin** sa iyong magulang o tagapangalaga kung nakabasa ka ng masasamang salita o malalaswang larawan habang ikaw ay *online*.

**Laging Tandaan** na kung may magbibigay sa iyo ng alok na lubhang nakakaakit katulad ng makakita ng bantog na artista o kaya'y biglaang pagyaman, malamang sa hindi na ang alok ay isang bitag.

**Maging totoo sa sarili.**

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Caneth A. Idioma, opinion; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/design .

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan




1


2


3


4


4

*1) Ang pagpapakita ng suporta ng League of Provinces kay Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo kung saan kasapi and ating Gob. Jesus O. Typoco, Jr. at LRay Villafuerte ng Camarines Sur sa isinagawang Unity-Walk ng mga ito sa Malacañang grounds; 2) Kasama ni OPAg Fisheries Division Chief Edgar Estanislao ang mga bisita mula sa BFAR na sina Virgilio B. Santos, Technical Consultant BFAR Central Office Manila at Atty Manny Ofrecia, Legal Officer ng nasabi ring tanggapan; 3) Ang pagpapasinaya ng Firing Range sa loob ng PNP Camp Wenceslao Q. Vinzons na binasbasan ng PNP Chaplain, Fr. Alex V. Pardo, na itinaon sa ika-17 taong anibersaryo ng PNP dito kung saan ito ay sinaksihan ng ilang opisyal sa lalawigan sa pangunguna ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr., Daet Mayor Tito S. Sarion PD Noel Constantino, CNWD Director Jovas Vargas at iba pang tauhan ng PNP. 4) at 5) Ang pag-aabot ni Gob. Typoco, Jr. ng gawad-pagkilala kina SM Deo Trinidad ng DWCN-FM RNB at Police Beat Reporter nito na si G. Ernie "Busilak" Consuelo katuwang si P/SSupt. Roberto T. Bondoc (DSC) at PNP Provincial Director Noel G. Constantino ng lalawigan.*

# Bantay Aggregates Task Force paiigtingin



Engr. Leopoldo P. Badiola

***"Kung hindi sila titigil sa pagbibiyahe ng mineral resources na walang kaukulang legal na papeles, hindi rin kami titigil sa paghabol sa kanila."***

Ito ang mga katagang nasambit ng mga tauhan ng *Ecosystem and Environmental Resources management Division-Office of the Governor (EERMD-G.O.)* at Governor's Task Force Bantay Aggregates nang hulihin nila ang 1 trak na may kargang white clay sa sentro ng Labo noong Pebrero 14, 2008.

Napag-alaman na ang dalang papeles nang nahuling trak ay pekeng *ore transport permit (OTP)* na nakapangalan kay Nilda Perrera na may permiso mula sa Gobernador sa pagmimina ng white clay sa Brgy. Tabas, Paracale.

Ayon kay Jose Gabo y Beocos, drayber nang nahuling trak at naninirahan sa Purok 4, Brgy. Mabilo II, Labo, ang kargang white clay ay kinuha niya sa Brgy. Tabas, Paracale na pagaari umano ng isang nagngangalang Pompi Romero.

Ang papeles naman ay ibinigay diumano sa kanya ng isang nagngangalang Ato Villaflores na taga-Brgy. Fundado, Labo.

Ang nahuling trak na may plakang *URM-996* ay dinala sa Kapitolyo upang doon ihimpil subalit kaagad din namang lumutang ang sinasabing may-ari nito at nakipag-usap kay Engr. Leopoldo P. Badiola, hepe ng EERMD-G.O.

Pinagbayad naman ng kaukulang multa ang may-ari ng *white clay na nakumpiska* ayon sa itinatadhana ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 21-95, *"An Ordinance Regulating Small-Scale Mining Industry in Camarines Norte and Providing Penalties for Violations Thereof"*. ***GONZALO C. BINAY***




***Ang kinatawan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. na si Engr. Gerry Quiñones, Executive Assistant IV , nang ipaabot nito ang mensahe ng gobernador sa pagbubukas ng 2nd World Art Experience na ilinunsad ni Daet Mayor Tito Sarion, at ginanap sa Central Plaza Mall dito sa bayan ng Daet, habang nakikinig sina Mayor Sarion, Ricky Lee at iba pang mga panauhin sa nasabing okasyon.***

# Gob. Typoco pinarangalan...

***(Mula sa pahina 1)***

gay ang gobernador ng P1M para rito. Binigyan din siya ng larawan na iginuhit sa *charcoal*.

Ang gawad pagkilala sa kanya ay kaalinsabay sa pagdiriwang ng buong bansa sa ika-22 taong anibersaryo ng *EDSA People Power I* na naganap noong Pebrero 25, 1986 na nagpabagsak sa rehimeng Marcos at nagluklok kay Presidente Corazon C. Aquino bilang kaunaunahang babaeng pangulo ng bansa.

Panauhing pandangal at tagapagsalita ang gobernador sa naturang okasyon na ginanap sa *Camarines Norte Provincial Police Office (CNPPO) Club House* sa Camp Wenceslao Q. Vinzons Sr., Brgy. Dogongan, Daet.

Nagbigay naman ng mensahe si *Police Senior Superintendent* Roberto Timog Bondoc (DSC), *officer-in-charge* ng *Police Regional Office 5*, kung saan binasa niya ang mensahe ni *PNP Chief* Avelino Razon na sinisiguro na ang kanilang hanay kabilang na ang sa *Armed Forces of the Philippines (AFP)* hanggang ngayon ay sumusunod sa *chain of command* at *duly constituted authorities* at ipagtatanggol ang Konstitusyon.

Maliban sa gobernador, pinagkalooban din ng gawad-pagkilala ng PNP ang iba pang yunit at indibidwal na nagbigay ng katangitanging tulong at suporta na naging daan upang mas mapalaganap ang mga programa ng kapulisan at matamo ang kaayusan, katahimikan at kapanatagan ng buong lalawigan.

Ang pagbibigay ng parangal ay pinangunahan nina Gob. Typoco Jr., PS Supt. Bondoc-*OIC PRO5,* at; *PNP Provincial Director* Noel G. Constantino.

Ang gobernador ay masigla ring nakiisa sa kapulisan sa *boodle fight* na isinagawa kung saan walang kimi siyang sumalo sa pananghalian at kumain nang naka-kamay lamang. ***L T. IBASCO***

# Anibersaryo ng EDSA...

***(Mula sa pahina 1)***

bilang parangal sa kanya. Inatasan din ng butihing Punong Lalawigan ang tanggapan ng mga pamahalaang nasyonal at lokal dito na makiisa sa nabanggit na pagdiriwang bilang pagpupugay sa itinuturing na pinakamatalinong Pilipinong Propagandista na si JOMAPA.

Kaugnay nito, ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ni MASCD Chief Abel C. Icatlo, Museum Curator I, ay nagbigay ng *lecture forum* sa mga mag-aaral sa sekondarya na nakatuon sa buhay ng ating batambatang bayaning si JOMAPA na kinapulutan ng aral at nagsilbing huwaran ng mga dumalo.

Ipinalabas din ni Gob. Typoco Jr. ang isang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 2008-02 na nagtatakda ng mga angkop na gawain para sa pagdiriwang at paggunita sa ika-148 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Heneral Vicente Rilles Lukban sa buong lalawigan ng Camarines Norte noong ika-11 ng Pebrero 2008.

Matatandaang ipinalabas ni dating Pangulong Fidel V. Ramos ang *Executive Order No. 1161* na nagdedeklara sa Pebrero 11 ng bawat taon bilang Gen. Vicente R. Lukban Day sa Camarines Norte bilang paggunita sa anibersaryo ng kapanganakan ng nabanggit na bayani. Naipakita ni Lukban ang kanyang talino at katapangan sa ilang matagumpay na pakikipaglaban sa mga Kastila at Amerikano na kanyang pinamunuan partikular na ang Balangiga Massacre. Si Hen. Lukban ay ipinanganak sa bayan ng Labo noong Pebrero 11, 1860 at isa sa kinikilalang bayani sa ating bansa.

Ilan sa mga gawaing isinagawa kaugnay sa kanyang anibersaryo noong Pebrero 11, 2008 ay ang *flag raising ceremony, floral offering* at *lecture-forum for teachers and students* na may temang, *"Gen. Vicente R. Lukban: A Model for Purposeful Leadership"* sa ganap na ika-8 n.u. hanggang ika-12 ng tanghali sa *Little Theater, Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center, Provincial Capitol Complex*, Daet, Camarines Norte.

Ang pangatlo ay ang *EDSA Revolution Anniversary* sa Pebrero 25, 2008 na taun-taong ipinagdiriwang sa buong bansa at idineklarang *non-working public holiday*. Ginugunita rito ang naging matagumpay na pagpapatalsik sa diktaduryang rehimeng Marcos sa pamamagitan ng mapayapang *people power revolution.* ***LT IBASCO***

# Velasco ng PGSP kampeon sa Literary Graphic Illustration Contest ng HEPC

Kampeon si John Jefferson Arevalo Velasco sa *Literary Graphic Illustration -English category* na isa sa mga patimpalak kaugnay ng *Higher Education Press Conference (HEPC)* na isinagawa sa Villa Victoria Hotel, Tuguegarao City noong Pebrero 6-9, 2008 na nakatuon sa temang, *"Enhancing Community Development through Committed Campus Journalism"*.

Si Velasco ay tumanggap ng medalya at *certificate of recognition* bilang gantimpala. Siya ay iskolar sa ilalim ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* at nasa ika-apat na taon ng kolehiyo sa Mabini College sa kursong *BSED-Major in English.* Kabilang siya sa 7 kinatawan ng MC sa naturang kumperensya kung saan si Ms. Maria Teresa B. Ricerra ang kanilang *coach*.

Matatandaan na nagkampeon din si Velasco sa katulad na kategorya ng patimpalak na isinagawa ng ALTPA noong 2007 sa *Naga Regency Hotel*, Naga City. Bukod dito, naiuwi rin niya ang ikalawa at ikalimang puwesto sa kategoryang *Comics Strip Drawing (English)* at *Literary Graphic Illustration (English)* sa 2006-2006 *Regional Tertiary Schools Conference* na isinagawa noong Nobyembre 23-25, 2005 sa Bacacay, Albay sa pagtataguyod ng *Bicol Association of Tertiary Schools Publication Advisers, Inc.*

Ang naturang kumperensya ay taun-taong itinataguyod ng *Association of Luzonwide Tertiary Press Advisers (ALTPA)* sa pakikipagtulungan ng *Commission on Higher Education (CHED).* Ang *ALTPA* ay binubuo ng mga rehiyon ng Ilocos, Cagayan, Central Luzon, CALABARZON, MIMAROPA, Cordillera at Bicol. ***LT IBASCO***




***Tinanggap kamakailan nina John Jefferson Velasco at Christine F. delos Santos, parehong mag-aaral ng Mabini Colleges ang plaque of commendation mula kina CAO Chief Purita P. Briñas at CAO staff Marcial P. Ferrer bilang pagkilala sa pagwawagi nila sa Literary Graphic Illustration-English kaugnay ng Higher Education Press Conference.***

# Pebrero itinalagang Buwan ng Pagtatalang Sibil

Ang buwan ng Pebrero ng bawat taon ay itinalaga hindi lamang pagdiriwang ng buwan ng mga puso kundi bilang *Civil Registration Month* o Buwan ng Pagtatalang Sibil.

Ito ay isinasagawa sa buong bansa sa bisa ng *Presidential Proclamation No. 682* na ipinalabas noong ika-28 ng Enero 1991 sa panahon ng panunungkulan ni dating Pangulong Corazon C. Aquino.

Ang pagdiriwang ngayong taon na nakatuon sa temang, "***Tamang Rehistro, Daan sa Kinabukasan Mo***" ay pinangungunahan ng *National Statistics Office (NSO)* sa pakikipagtulungan ng mga *Civil Registry Office* sa bawat bayan na lubos na sumusuporta sa gawaing ito.

Layunin ng 1-buwang selebrasyon na hikayatin ang lahat na kinauukulang sektor at mamamayan na aktibong kumilos at makiisa sa mga programa sa tamang pagpapatupad ng pagtatalang sibil tungo sa 100% pagpapatala ng kapanganakan at iba pang mahahalagang pangyayari sa buhay ng isang tao.

Iba't-ibang aktibidad ang nakatakdang isagawa kaugnay nito na iniakma sa *Provincial Resolution No. 036-2006* na akda ni dating Bokal Amado Herico.

Ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod: pagsabit ng mga istremer para sa malawakang pampublikong impormasyon; mga talakayan sa mga istasyon ng radyo; libreng kasalang bayan ng mga magsing-irog at mga mag-asawang nagsasama ng 5 taon o higit pa nang walang balakid; konsultasyon at dayalogo sa mga taong may mga katanungan sa pagtatalang sibil, at; ang pagpunta ng mga empleyado ng *Municipal Civil Registrar's Office (MCRO)* sa mga barangay para sa libreng pagpapatala ng kapanganakan *(mobile registration)*.

Ang ikatlong linggo naman ng Pebrero ay idineklara bilang *Mobile Registration Week* dito sa Camarines Norte.

Ayon naman kay G. Rodolfo P. Guevarra, pinuno ng *NSO Camarines Norte Provincial Office*, ang kooperasyon ng mga *Municipal Civil Registrar (MCR),* ilang sektor at mga mamamayan ang siyang susi sa matagumpay na pagpapalaganap ng tamang pagtatala na may malaking importansya sa kinabukasan ng isang indibidwal at sa bansa sa pangkalahatan. ***JEEE - NSO***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Assistant Provincial Warden | 9508 | 18 | | 2 | PCSSD | Bachelor's degree | Two (2) years of relevant experience | Eight (8) hours of relevant training | C.S. Professional | |
| (Casual) Security Guard | | | | 1 | PGCN | High School Graduate | None required | None required | Security Guard License (MC 11 s. 96-Cat. II) | |
| Revenue Collection (Clerk I) | 5025 | 5 | | 1 | Provincial Treasurer's Office | Completion of two (2) years studies in college | None required | None required | C.S. Subprofessional | |
| (Casual) Driver | | | | 1 | PGCN | Elementary School Graduate | None required | None required | Driver's License (MC 11 s. 96-Cat. II) | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# Mga batang lalake bigyan din ng pansin, kinabukasan nila'y ating kalingain – CNMDT-CPTCSA

Ang mga programa ng pamahalaan para sa proteksyon ng mga kabataang nakaranas ng pang-aabusong sekswal ay karaniwang nakatuon sa mga batang babae.

Kadalasang nakakaligtaan natin na ang mga batang lalaki ay naaabuso at nabibiktima rin. Sila man ay nangangailangan din ng tulong at pagkalinga upang hindi rin sila mang-abuso katulad nang ginawa sa kanila.

Dahil dito, ang selebrasyon sa Linggo ng Pambansang Kampanya Laban sa Pang-aabusong Sekswal sa Kabataan ay nakatuon sa paksang, "*Ang Batang Lalake ay Maaari ring Maabusong Sekswal, Pakinggan, Magsumbong, Tugunan! Bata: Magsumbong ka, Makikinig Sila*". Isinasagawa ito simula Pebrero 10-16, 2008 sa pagtataguyod ng *Department of Education, Division of Camarines Norte, at ng Camarines Norte Multi-Disciplinary Team (CN-MDT)* kaugnay ng programa ng Center for the Prevention & Treatment of Child Sexual Abuse (CPTCSA).

Ang *closing program* nito ay isinagawa noong Pebrero 15, 2008, ganap na ika-1 n.h. sa Ginintuang Bulwagan ng Paracale. Ito ay tatampukan ng mga mensahe nina Bokal Michael Arthur G. Canlas, miyembro ng *Committee on Education, Women and Family*; Bokal Jonah G. Pimentel, *chairman, SP Committee on Finance*, at Dr. Elizabeth P. Palo, *Asst. Schools Division Superintendent, OIC*, at pampasiglang pananalita ni Bokal Teresita DL. Malubay, *Chairman, SP Committee on Education, Women and Family*.

Ang paggawad naman ng parangal sa mga nanalo sa iba't-ibang patimpalak ay pinangunahan nina Gng. Virginia S. Ramos, *Personal Safety Lesson (PSL) Coordinator, Paracale National High School (PNHS)* at Gng. Purita P. Briñas, *Community Affairs Officer IV, CAO-Office of the Governor*. Ang pakakaloob naman ng sertipiko sa mga panauhin ay pinangasiwaan nina G. Conrado A. Rempillo, *DepEd OIC-SDS* Palo, at Paracale Mayor Romeo Y. Moreno.

Ang mga patimpalak na itinaguyod ng *CNMDT* at nilahukan ng mga mag-aaral mula sa elementarya at hayskul ay ang *poster-making, essay-writing* at *poster-making contests* na isinagawa sa PNHS noong Pebrero 11, 12 at 13, ayon sa pagkakasunod. Ang paligsahan naman para sa Talumpating Di-Handa ay ginanap sa *Batobalani Elementary School*.

Samantala, ang *CN-MDT* rin ay nagtungo sa Radyo ng Bayan ng pamahalaang panlalawigan upang mas mapalawak at mapaigting ang kampanya nito laban sa pang-aabusong sekswal sa mga kabataan. Isinahimpapawid din nito ang mga konsepto, kasaysayan, at gawain ukol sa PSL.

Bago naman isinagawa ang naturang *closing program*, nagkaroon muna ng *motorcade* sa bayan ng Paracale kung saan nakiisa ang *Bureau of Fire Protection (BFP), Philippine National Police (PNP), Kabalikat Civicom-Paracale Chapter, Barangay Mobile Patrols, Paracale High School Drum and Lyre Corps (DLC), Batobalani Elementary DLC, Paracale Elementary School DLC*, mga opisyales ng mga barangay ng Malacbang, Dalnac, Maybato, Batobalani, Tawig, Tugos, Palanas, Poblacion Norte, Poblacion Sur, Bagumbayan, Malaguit, Pinagbirayan Malaki at Tabas.

Kaugnay nito, malugod na ipinaaabot ng *CN-MDT* ang taus-puso nitong pasasalamat sa tulong at suportang patuloy na ipinagkakaloob ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr., gayundin nina Bokal Pamela Pardo-Pujalte, Bokal Canlas, Bokal Malubay, Bokal Pimentel, Mayor Moreno, Police Captain Flor Mirasol ng *PNP Provincial Office*, at Gng. Briñas, CAO IV.

Bilang karagdagan, ang CN-MDT ay binubuo nina G. Conrado Rempillo bilang *PSL Coordinator*, Gg. Purita P. Briñas, PSI Flor E. Mirasol, Dr. Virginia B. Mazo, Gg. Cynthia R. Dela Cruz ng PSWDO, MSWDO Veverly L. Puse, atbp.

Layunin ng naturang organisasyon na palaganapin ang kamalayan ng mga mag-aaral sa pangangalaga sa kanilang sarili laban sa pang-aabusong sekswal sa pamamagitan ng pagsingit ng *Personal Safety Lessons* bilang aralin sa mga paaralang elementarya at hayskul sa bayan ng Paracale bilang *pilot area* Ng CPTCSA.

Sa ngayon, ito ay maipatutupad na sa mga paaralan sa ating lalawigan pagkatapos na ang mga gurong magtuturo nito ay makapagsanay. ***LT IBASCO***



***Ginawaran ng pagkilala bilang "Biggest Delegation" ang Barangay Council ng Brgy. Malaguit, Paracale sa pamumuno ni PB Zaldy Moya sa pagdiriwang ng National Awareness Week noong Peb. 10-16, 2008 na dinaluhan ng lahat ng stakeholders nito na nagbibigay-proteksyon sa mga kabataan, kaugnay ng programa ng CPTCSA. Kabilang sa larawan sina MSWDO Veverly Puse, ES-1 Conrado Rempillo, Mayor Romeo Y. Moreno, HT II Celerina Asas ng PV Moreno Elementary School at Bokal Teresita DL Malubay.***






# CNorte di pa rin ligtas sa rabis

Ang pagkamatay ng isang 11 taong gulang na batang lalake sa Brgy. Anameam sa bayan ng Labo na sanhi ng rabis mula sa kagat ng aso ay patunay na ang lalawigan ng Camarines Norte ay hindi pa rin ligtas sa sakit na rabis. Ang rabis ay nananatiling banta sa buhay ng ating mga kababayan partikular sa mga kabataan.

Ayon sa nakalap na impormasyon base sa salaysay ng ama ng biktima, ang bata ay nakagat ng aso dakong ika-8 ng gabi noong Nobyembre 9, 2007. Hindi nila ito gaanong binigyang-pansin sa dahilang galos lang naman ang tinamo ng biktima. Ngunit noong Enero 7, 2008, nagkaroon ng sintomas sa sakit na rabis ang biktima. Kinabukasan, Enero 8, nahirapan nang uminom ng tubig ang biktima at nanginginig kapag nababasa. Ang biktima ay nadala lamang sa ospital noong Enero 9, 2008 kung kailan huli na para maisalba pa ang buhay nito. Kabilang din sa mga sintomas ng rabis ang pagkabalisa *(restlessness)* at pagkatakot sa hangin at liwanag (*aerophobia* at *photophobia*).

Kaugnay nito, kaagad kumilos ang Tanggapan ng Panlalawigang Beterinaryo sa pamumuno ni Dr. Edgardo S. Gonzales. Mas pinaigting ng naturang tanggapan ang *information and education campaign* laban sa rabis na patuloy nitong isinasagawa sa buong lalawigan. Muli rin nitong gigisingin ang mga *Barangay Rabies Control Council* sa 12 bayan dito para maisulong nila ang kampanya na makontrol at tuluyang mawala ang rabis sa buong lalawigan.

Subalit ang banta ng rabis ay hindi maalis sa lalawigan kung hindi makikiisa ang lahat na nagmamay-ari ng aso na maging responsable sa pagaalaga. Bilang karagdagan, kinakailangan ding maging responsable ang lahat na mga may-alagang aso. Talian ang kanilang alagang aso, huwag hayaang gumagala, pakainin at painumin ng malinis na tubig at pabakunahan taun-taon upang maging ligtas sa rabis. ***SAM O. VILLAGEN***

# 148 anibersaryo...

(Mula sa pahina 3)

Habang nasa Hongkong simula Disyembre 29, 1897 hanggang Hulyo 3, 1898, naniniwala siya na muling sisiklab ang himagsikan laban sa mga Kastila kung kaya't inutusan niya si Antonio Guevarra na ***"ihanda ang mga tao ni Lukban"*** para pagdating niya sa Pilipinas ay ***"masimulan ang operasyon"*** ayon sa utos ni Aguinaldo.

Naramdaman din niya na magkakaroon din ng himagsikan laban sa mga Amerikano. Sa pagdating niya sa Pilipinas noong 1898, itinalaga siya bilang koronel ng *revolutionary army* na saklaw ang Camarines at Catanduanes, at noong Oktubre 29, 1898, siya ay naging *Comandancia Militar* ng Camarines Sur.

Noong Disyembre 21, 1898, itinaas ni Aguinaldo ang kanyang ranggo bilang Heneral ng Dibisyon at pinamahalaan niya ang Samar at Leyte. Pinamunuan niya ang lalawigan ng Leyte hanggang Abril 27, 1899 kung saan naitalaga siya bilang *politico-military governor* ng Samar na tumagal hanggang Pebrero 1902.

Ang pakikidigma laban sa mga Amerikano ang nagtulak sa kanya upang isagawa ang *all-out guerilla warfare*. Napagtagumpayan niya ito at ang Samar kung saan itinalaga siyang *politico-military governor*, ay naging "isa sa ilang sentro ng tagumpay ng Republika" na "parehong kinilala ng mga Pilipino at Amerikano na si Lukban ang nagsakatuparan."

Noong Agosto 18, 1901, habang nagpapatrulya ang grupo ni Captain H.L. Jackson, *1st U.S. Infantry* sa kahabaan ng Catarman River, hindi sinasadyang nadiskubre nila ang *headquarters* ni Lukban at sa engkwentro ay nasugatan ang heneral na nagawa pa ring makatakas.

Kahit sinasabing walang dokumento na magpapatunay sa naging papel ni Lukban sa *Balangiga Massacre*, kung saan halos lahat sa *Company C, 9th U.S. Infantry* ay tinalo ng mga taga-Balangiga sa umaga ng Setyembre 28, 1901, ang opinyon ng karamihan ay alam niya ang plano at "posibleng siya ang humimok at kumontrol sa sitwasyon," kahit wala ang kanyang presensya.

Dahil sa naturang masaker, ang mga Amerikano sa pamumuno ni Hen. *Jacob H. Smith* ay nagsagawa ng kampanyang terorismo laban sa kanya at sa mga mamamayan ng Samar. Kumuha rin sila ng mga emisaryo tulad ni Arturo Dancel na kumumbinsi kay Hen. Lukban na sumuko.

Nanindigan siya na hindi makikipagnegosasyon hangga't hindi umaalis sa *Gandara Valley* ang mga Amerikano.

Kasunod nito, inutusan ni Hen. Smith ang mga Amerikano na nasa Samar at Leyte na maging armado kahit sa oras ng pagkain, sa takot marahil na magkaroon ng panibagong Balangiga.

Ang lahat na ginawa niya para sa bansa ay pinapurihan at sinangayunan ng kanyang mga pinuno tulad ni Hen. Miguel Malvar. Humigpit ang labanan at noong Pebrero 19, 1902, nahuli siya ni Lt. Strebler at dinala sa Maynila. Ikinulong siya sa Talim Island sa Laguna de Bay hanggang lumaya siya noong Hulyo 15, 1902.

Nanirahan siya sa Maynila at noong 1903, siya at ang kanyang mga kapatid na lalaki ay inaresto sa kasong sedisyon. Pinawalang-sala sila ng Korte Suprema; ang akusasyon ay inimbento lamang ng *Manila secret police*. Bumalik siya sa larangan ng negosyo at pulitika.

Noong 1912, nanalo siya bilang gobernador ng lalawigan ng Tayabas kung saan tinalo niya ang pinakamakapangyarihang kalaban.

Muli siyang nahalal noong 1916, ngunit hindi natapos ang ikalawang termino. Si Lukban ay naging sakitin at siya ay namatay noong Nobyembre 16, 1916 sa Maynila. ***LT IBASCO***

# Investment Forum ...

(Mula sa pahina 10)

na suplay nito sa buong taon, mataas na kalidad at tiyak na merkado nito.

Ang pagbuo ng naturang istratehiya ay kabilang sa mga aktibidad na nakapaloob sa Investment Forum on Queen Pineapple na isinagawa noong Pebrero 14-15, 2008 sa Golden Palace Restaurant, Daet. Tinalakay rin dito ang mga isyu at usapin na mahalaga para sa pagunlad at pagpapatuloy ng industriya sa pinyang *queen* na pangunahing produkto ng Camarines Norte.

Ang naturang 2-araw na pulong ay itinaguyod ng Department of Agriculture Regional Field Unit 5 (DA-RFU5) sa pamamagitan ni Ms. Marilyn V. Sta. Catalina, OIC-ARD for Operations and Regulatory, at sa pakikipagtulungan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa pamamagitan ng Crops Division, OPAg na pinamumunuan ni G. Melchor R. Briñas, Provincial Pineapple Coordinator dito.

Dinaluhan ito ng mga kinauukulang high value commercial crops (HVCC) coordinators, municipal agriculturists (MAs) at municipal agricultural officers (MAOs) sa lalawigan.

Sa unang araw ng pulong, ang kasalukuyang estado at hinaharap ng industriya ng pinya sa Camarines Norte ay inilahad ni Mr. Mel Briñas, Provincial HVCC Program Coordinator. Ang *market viability* ng pinyang *queen* ay tinalakay naman ni Ms. Girlie Sarmiento, Sun-Opta Global International Ingredients.

Ang sumusunod na investment potentials ng pinyang queen ay tinalakay rin: a) Product Development for Queen Pineapple – Mr. Euhkwon Chung at Ms. Bing Sanchez, Drupe International Inc., Clark Field, Pampanga; b) Machine Decorticated Fiber, Handwoven Piña Cloth and Handmade – Mr. Mario Espeso, General Manager, Labo Progressive Multi-Purpose Cooperative, Labo, at; c) Village Level Processing of Queen Pineapple – Mr. Jerry Mariscotes, Caayunan Multi-Purpose Cooperative.

Ang ikalawang araw na pulong ay tinampukan naman ng mga sumusunod na paksa at tagapagtalakay: Effect of Flower Inducing Chemicals – Mr. Inocencio Q. Obrero, APCO, DA-RFU 5; Review of Pineapple Standards – Dir. Gilberto F. Layese ng BAFPS; Financing Pineapple Production and Other Related Ventures – kinatawan mula sa Land Bank of the Philippines (LBP), at; Pest and Diseases Management – Mr. Christian J. Mallari, Business Development Officer, Syngenta Philippines.

Dahil dito, ang pinyang *Queen* ng Camarines Norte na itinuturing na pinakamatamis na pinya sa bansa na ibinibiyahe na sa mga bansang Korea, Hapon, Hongkong at Taiwan ay makikilala rin sa iba pang produkto mula rito tulad ng *pineapple juice, handwoven piña cloth, pamaypay, decorative boxes*, at iba pa. ***LT IBASCO***

# Tseke ng...

(Mula sa pahina 10)

kailangang dokumento para dito.

Sa naturan ding okasyon, ginawaran ng pagkilala sina John Jefferson Arevalo-Velasco at Christine delos Santos, parehong mag-aaral sa Mabini Colleges at mga iskolar sa ilalim ng PGSP, dahilan sa karangalang dinala nila sa lalawigan ng Camarines Norte.

Kampeon si Velasco sa *Literary Graphic Illustration-English category,* at nakuha naman ni delos Santos ang ika-walong puwesto sa isa sa mga kategorya ng patimpalak kaugnay ng *Higher Education Press Conference (HEPC)* na isinagawa sa Villa Victoria Hotel, Tuguegarao City noong Pebrero 6-9, 2008.

Ang PGSP ay patuloy na itinataguyod ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa layuning mabigyan ng pagkakataon ang mga mahihirap nguni't matatalinong kabataan ng Camarines Norte na makapag-aral sa kolehiyo.

Ang naturang programang pang-edukasyon ay ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng Community Affairs Office (CAO) na pinamumunuan ni Ms. Purita P. Briñas, Community Affairs Officer IV.

Samantala, ang mga magtatapos ng hayskul ngayong Marso at Abril na nais mag-aplay sa PGSP ay pinapayuhang makipag-ugnayan sa Community Affairs Office na nasa 2nd floor Provincial Capitol Bldg. Katabi ng Tanggapan ng Gobernador, para sa kumpletong detalye at impormasyon. ***LT IBASCO***

# DLSU at 2 iba pa nagkaloob ng ...

(Mula sa pahina 4)

*Office of the Governor (LSD-G.O.)* sa mga pribado at pampublikong aklatan, institusyon at mga indibidwal na nais makibahagi sa mga gawaing pagpapaunlad ng Provincial Library tungo sa paghubog ng matalinong pamayanan.

Sa mga pagdalo ni Gng. Lorenia C. Tuazon, OIC ng Provincial Library ng Camarines Norte sa iba't-ibang seminar ay nakakasalamuha niya ang mga library workers at doon nabubuo ang kanilang *bonding, connection* at *cooperation* kung saan ang kanilang mga balakin, proyekto, gayundin ang mga suliranin at tagumpay ay napag-uusapan para sa ikauunlad ng kani-kanilang nasasakupang aklatan.

Kaugnay nito, nagkaloob din sina G. Jose de Mesa ng 12 kahong iba't-ibang uri ng libro at pocketbooks samantalang si G. Pedro Ferrer naman ay nagbigay ng 25 piraso ng mga aklat.

Sila ay ilan lamang sa mga mamamayan ng Daet na nagmamalasakit sa kapakanan ng kanilang mga kababayan lalo na sa mga mag-aaral na pangunahing gumagamit ng mga aklat.

Naniniwala ang Provincial Library na marami pang tulad ng DLSU at nina G. de Mesa at G. Ferrer ang nagnanais ding makatulong sa kanilang mga regular na mambabasa.

Sa kabila nito, patuloy pa ring nangangalap ng mga aklat at iba pang babasahin ang Provincial Library para sa mamamayan ng Camarines Norte na nagsisikap na maragdagan ang kaalaman sa pamamagitan ng pagbabasa. ***DARIO C. DIME***


Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 7, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

## 2008 BACNA surgical mission dito isasagawa sa Marso 8-14

Dahil sa kahirapan ng buhay, mataas na presyo ng gamot at serbisyo ng mga doktor, karamihan sa ating mga kababayan

(Sundan sa pahina 2)

# Investment Forum on Queen Pineapple








Inaasahang magiging mabilis na ang pag-unlad ng industriya ng pinyang *Queen* ng Camarines Norte dahil sa istratehiyang binuo ng mga *pineapple growers* sa lalawigan upang matiyak ang tuluy-tuloy

(Sundan sa pahina 9)

***Ang mga benepisaryo ng PGSP nang sila ay dumalo sa pamamahagi ng tseke para sa tuition fee reimbursements at allo-wances para sa 2nd semester, SY 2007-08. Ang mga nabanggit na tseke ay iniaabot ni PGSP Program Officer Purita P. Briñas, CAO IV habang tinutulungan ni G. Marcial Ferrer; Sina Talisay Mayor Pol Gache, Asst. PTO Ruby Gache, Labo Mayor Winnie Oco, SP Members Ruth Herrera, Mike G. Canlas, Pamela Pardo-Pujalte, SP Sec. Reby J. Cuaño at Bokal Ligaya Pedron sa kanilang pagpunta sa Beijing, China upang maitaas ang antas ng turismo sa Camarines Norte. Sa kanilang likuran ay isa lamang sa magagandang tanawin sa naturang bansa.***

# Tseke ng tuition fee reimbursement at allowances ipinamahagi sa mga iskolar ng Provincial Government

Ang pamamahagi ng tseke ng *tuition fee reimbursement* at *allo-wances* sa mga iskolar ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* ay isasagawa sa Pebrero 13, 2008, ika-1 n.h. sa *Little Theater* ng *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* ng Kapitolyo Probinsyal.

Umaabot sa kabuuang halaga na P274,532.50 para sa tuition fee reimbursements at allowances ang ipagkakaloob ng pamahalaang panlalawigan sa 148 iskolar nito sa *Camarines Norte State College (CNSC)* at iba pang paaralang may PGSP grantees, at bukod pa ito sa P603,992.50 tsekeng una nang direktang ibinayad sa naturang kolehiyo para sa *tuition fees* ng 150 iskolars ng PGSP na may kabuuang P878,525.00.

Sa humigit-kumulang na 214 na iskolar ng PGSP, sila pa lamang ang tatanggap ng tseke sapagka't sila pa lamang ang nakapagsumite ng mga dokumentong kinakailangan para sa pagproseso ng kanilang benepisyo sa ilalim ng programa. Ang *tuition fee reimbursements* at *allowances* ng iba pang mga iskolar ay iproseso sa sandaling kumpleto nilang maisumite ang mga kina-

(Sundan sa pahina 9)